**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Perspectives on the use of Cloze Passage in students' mastery of Nang and Ng

**Jowella S. Areja***
BSED Filipino, Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: arejajowella@gmail.com

**Bea R. Quimod**
BSED Filipino, Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: beaquimod03@gmail.com

**Jovanie V. Rosena**
BSED Filipino, Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: jovanierosena@gmail.com

**Grace B. Luna**
BSED Filipino, Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: gracebrigoliluna@gmail.com

ABSTRACT

This study aims to examine the relationship between students' perspectives and their scores in using the Cloze Passage as a learning method for mastering nang and ng among second-year Bachelor of Secondary Education major in Filipino students at Cebu Technological University–Consolacion Campus for the academic year 2025–2026. The research employed a quantitative design in gathering data through a Likert scale and a Cloze Test, while the Pearson Correlation Coefficient was used to measure the relationship between the two variables—perspective and score. Findings revealed that most students have a positive outlook toward the use of Cloze Passage; however, it still requires more active application and teacher guidance to achieve higher levels of learning. Results also indicated that students obtained only moderate scores due to the lack of continuous application and practice. The outcomes show that the Cloze Passage can enhance students' interest, yet its implementation needs to be strengthened to further improve their skill in the correct use of nang and ng. In light of these findings, the study recommends the development of a guide on the proper use of nang and ng utilizing the Cloze Passage as a teaching method to

---

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404585

Recommended citation:
Areja, J. S., Quimod, B. R., Rosena, J. V., & Luna, G. B. (2025). Perspectives on the use of Cloze Passage in students' mastery of Nang and Ng. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6329-6340. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404585

enhance students' understanding and to serve as a supplementary material for Filipino language teachers.

Keywords: cloze passage, likert scale, nang and ng, perspective, pearson correlation coefficient

Date Submitted: November 17, 2025
Date Accepted: November 23, 2025
Date Published: November 24, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Pananaw sa paggamit ng Cloze Passage sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Nang at Ng

**Jowella S. Areja**
BSED Filipino, Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: arejajowella@gmail.com

**Bea R. Quimod**
BSED Filipino, Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: beaquimod03@gmail.com

**Jovanie V. Rosena**
BSED Filipino, Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: jovanierosena@gmail.com

**Grace B. Luna**
BSED Filipino, Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: gracebrigoliluna@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ugnayan ng pananaw at marka ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagkatuto ng Nang at Ng sa mga mag-aaral ng Ikalawang Taon ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Cebu Technological University–Consolacion Campus, taong panuruan 2025–2026. Gumamit ito ng kwantitatibong disenyo ng pananaliksik sa paglikom ng datos sa pamamagitan ng Likert Scale at Cloze Test, habang ginamit naman ang Pearson Correlation Coefficient upang sukatin ang ugnayan ng dalawang baryabol, ang pananaw at ang marka. Lumabas sa resulta na karamihan sa mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa paggamit ng Cloze Passage, subalit kailangan pa ito ng mas aktibong aplikasyon at gabay ng guro upang makamit ang mas mataas na antas ng pagkatuto. Naitala rin na nasa katamtamang antas lamang ang marka ng mga mag-aaral dahil sa kakulangan ng tuloy-tuloy na paggamit at pagsasanay. Ipinapakita ng resulta na nakapagpapalawak ng interes ang Cloze Passage ngunit kinakailangan pa ng pagpapaigting sa implementasyon nito upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa wastong paggamit ng "Nang" at "Ng." Dahil dito, inirerekomenda ang pagbuo ng isang gabay kaugnay sa wastong paggamit ng Nang at Ng gamit ang Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo upang mapaigting ang pag-unawa ng mga mag-aaral at magsilbing pantulong na materyal para sa mga guro sa wikang Filipino.

Mga susing salita: cloze passage, likert-scale, nang at ng, pananaw, pearson correlation coefficient

## PANIMULA

Ang Cloze Passage o cloze test ay isang pamamaraang ginagamit sa mga workbooks upang sanayin ang mga mag-aaral sa gramatika, lalo na sa pagsulat at pagbubuo ng pangungusap. Sa pamamaraang ito, may mga puwang sa pangungusap na kailangang punan ng tamang salita gamit ang context clues. Inilalagay sa patlang ang salitang Nang at Ng upang mabuo ang pangungusap. Kaugnay nito sa pamamagitan ng Cloze Passage ay natatasa at nililinang nito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng gramatika, partikular sa Nang at Ng. Kaya mahalaga ang tamang paggamit ng mga salitang ito upang maging malinaw ang mensahe ng pangungusap at maiwasan ang kalituhan.

Ipinakita ng pananaliksik nina Maligalig at Carada (2021) na may makabuluhang pagtaas sa kasanayan ng mga Grade 6 na mag-aaral sa sanaysay (nilalaman, organisasyon, mekaniks) matapos gamitin ang pamamaraang Cloze Passage. Ipinapahiwatig nito na karamihan sa mga mag-aaral ay gusto ang puwang-punan na gawain na nakapagpapalalim ng pag-unawa at nakapagsasanay sa kanila sa mas maayos na estruktura ng pangungusap at wastong paggamit ng gramatika. Ayon naman kay Javier (2022), bagaman nakatuon sa Cloze Reading kaysa sa partikular na paggamit ng nang at ng, napatunayang marami pa rin ang nagsasabing ang ganitong uri ng pamamaraan ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng konteksto ng wika, na siyang pundasyon ng tamang paggamit ng mga katagang gramatikal. Dagdag pa nina Asmad et al. (2024) sa kanilang pag-aaral na "Mga Estratehiyang Pinakaginagamit sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao," tumutukoy ito sa mga estratehiya sa pagsulat ng Filipino; bagaman hindi eksaktong Cloze Passage, ipinapakita ng kanilang pag-aaral na mahalaga para sa mga respondente ang paggamit ng mga estratehiyang nakatuon sa gramatikal na katumpakan, na kabilang dito ang wastong paggamit ng nang at ng bilang mahalagang batayan ng malinaw na komunikasyon sa akademikong pagsulat. Bukod dito, nakatuon ang pag-aaral nina Agni et al. (2025) sa pagpapabuti ng kasanayan sa tamang gramatika gamit ang mga gawaing "fill-in-the-blanks" at sentence starters para sa Filipino sa ika-11 baitang, at natuklasan nilang may makabuluhang pag-taas sa kasanayan matapos ang interbensyon. Higit pa rito sa pananaliksik ni Gibbons (2020), pinatunayan niya sa kaniyang pag-aaral na ang Cloze Passage ay talagang nagpapalakas sa pag-unawa sa pagbasa at bokabularyo ng mag-aaral dahil nahihikayat nitong gamitin ang konteksto upang punan ang nawawalang salita.

Ang Cloze Passage ay napakahusay na paraan sa pagtuturo ng tamang gamit ng Nang at Ng, na madalas pagpalitin sa pang akademikong sulatin tulad ng: Sanaysay, mga Kuwento o Nobela, at iba pa. Sa pamamagitan ng pagpuno sa puwang sa pangungusap, natutulungan nito ang mga mag-aaral na maunawaan ang wastong gamit ng bawat salita. Halimbawa, ginagamit ang Nang sa pagsagot sa "paano o gaano?", habang ang Ng ay pananda ng pagmamay-ari. Dahil dito, nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral, habang pinapalawak ang kanilang kaalaman sa tamang paggamit ng wika.

Batay na rin sa obserbasyon at karanasan ng mga mananaliksik, malaki ang naitutulong ng Cloze Passage sa mga mag-aaral para mapabuti ang kasanayan nila sa gramatika, partikular sa estruktura ng pangungusap at tamang gamit ng salita. Kung saan binanggit din sa pag-aaral nina Evenddy et al. (2021), na ang Cloze Passage ay isang mabisang pamamaraan sa pagtuturo dahil ito ay hindi lamang nakatutulong sa pagkatuto kundi nakakapagpataas din ng interes ng mga mag-

aaral sa klase. Sa madaling salita, napatunayan sa kanilang pag-aaral na ang Cloze Passage ay nakatutulong sa pagkatuto at nakapagpapataas ng motibasyon ng mga mag-aaral.

Napapanahon ang pag-aaral na ito dahil patuloy na lumalawak ang pangangailangan ng mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa gramatika. Habang nagbabago ang mga pamamaraan ng pagtuturo, mahalaga rin gamitin ang mga pamamaraang angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Lalo na sa panahon kung saan iba-iba ang paraan ng pagkatuto ng mga bata. Sa pamamagitan nito, mas napapalalim ang kanilang kaalaman sa gramatika.

Ang Cloze Passage ay isang paraan ng pagtuturo kung saan tinatanggal ang ilang salita sa isang teksto o pangungusap upang mahikayat ang mga mag-aaral na punan ito batay sa kanilang pag-unawa. Sa pagtuturo ng Nang at Ng, hinahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng mga ito sa pagbuo ng pangungusap. Sa madaling salita, natututo ang mag-aaral na pumili ng tamang sagot sa pamamagitan ng konteksto.

Sa panahon ngayon, mahalaga itong pag-aaralan nang sa ganun ay mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika, na nakatutulong sa malinaw na pagsusulat at pagpapahayag. Ang maling paggamit ng mga salita ay maaaring magdulot ng kalituhan sa isang sulatin o teksto. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, masusuri kung ano at paano nakaaapekto ang Cloze Passage sa pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular sa kanilang kasanayan sa tamang paggamit ng Nang at Ng upang bigyan ng mainam na rekomendasyong makapaghubog sa kahusayan ng mga mag-aaral sa gramatika.

Sa kabuuan, ginagamit ang Cloze Passage sa mga pagsasanay o pagsusulit ng mga mag-aaral na nagsisilbi ring teknik sa pagtuturo ng wika kung saan pinupunan ng mga mag-aaral ang nawawalang salita sa pangungusap. Kapaki-pakinabang ito sa edukasyon kung saan pinapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa gramatika, kaya't napabubuti ang kanilang kasanayan sa pagpapahayag ng ideya.

## Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ugnayan ng pananaw at marka ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagkatuto ng Nang at Ng sa mga mag-aaral ng 2nd year Bachelor of Secondary Education Major in Filipino (Day and Night Class) taong panuruan 2025-2026 sa Cebu Technological University-Consolacion Campus. Bilang gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na tutugon sa kakulangan ukol sa larangang ito, tinitiyak din na matugunan ng pananaliksik ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kanilang pananaw ukol sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng Nang at Ng?
2. Ano ang marka na nakuha ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng Nang at Ng?
3. Ano ang ugnayan ng pananaw at marka ng mga respondenteng mag-aaral ukol sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng Nang at Ng?
4. Ano ang rekomendasyon na maaaring isagawa upang higit na mapahusay ang pang-unawa at paggamit sa Nang at Ng ng mga mag-aaral sa Filipino?

## METODOLOHIYA

Gumamit ang mga mananaliksik ng kwantitatibong disenyo sa pag-aaral dahil ang pangunahing layunin nito ay masukat at maipakita nang obhetibo ang pananaw at marka ng mga

mag-aaral tungkol sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng tamang gamit ng Nang at Ng. Sa pamamagitan ng kwantitatibong pamamaraan, nakakalikom ng numerikal na datos mula sa mga sagot ng mga respondente gamit ang Likert scale at Cloze Test na siyang magbibigay-daan upang masukat kung ilan ang sumang-ayon o tumanggi sa mga pahayag tungkol sa paggamit ng pamamaraang ito. Dito rin napag-alaman ng mananaliksik ang pananaw ng mga respondenteng mag-aaral at kanilang marka sa cloze test ukol sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng Nang at Ng.

Ang ganitong disenyo ay mabilis at sistematiko ang proseso ng pagsusuri, kaya't madali ring nailahad ang mga resulta gamit ang mga istadistikal na pamamaraan na pearson correlation coefficient. Bukod dito, nagbibigay ito ng konkretong ebidensya kung ano ang ugnayan ng pananaw at marka ng mga respondenteng mag-aaral ukol sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng Nang at Ng. Dahil dito, mas nagiging matibay ang mga kongklusyon at rekomendasyong mabibigyang batayan sa mga numerikal na datos na nakalap.

Ang pananaliksik na ito ay isanagawa sa Cebu Technological University– Consolacion Campus na matatagpuan sa Consolacion, lalawigan ng Cebu. Sa pananaliksik na ito, partikular na pinili ang mga mag-aaral mula sa Second Year Bachelor of Secondary Education major in Filipino taong panuruan 2025-2026 (Day and Night) na may kabuuang populasyon na 86, dahil sila ay may direktang kaugnayan sa layunin ng pag-aaral at ang mga kalahok mula sa programang ito ay mayroong sapat na kaalaman at karanasan sa asignaturang Filipino na magiging kapaki-pakinabang sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa kanilang kasanayan sa wika.

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang nasabing instrumento ay idinisenyo upang masuri ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagkatuto ng wastong paggamit ng Nang at Ng. Gamit ang Likert Scale, sistematikong susuriin ang mga sumang-ayon o di-sumang -ayon na mga kalahok sa mga pahayag. Sa pamamagitan nito, maisasagawa ang kwantitatibong pagsusuri upang makuha ang mga pattern ng tugon at bigyang-kahulugan ang ugnayan ng mga baryabol sa pananaliksik. Bukod sa pagiging praktikal, ang talatanungan ay madaling ipamahagi at pinapadali nito ang pagkalap ng opinyon at karanasan mula sa mas malaking bilang ng mga kalahok sa loob ng mas maikling panahon. Dahil dito, ito ay ituturing na angkop at mabisang kasangkapan upang matukoy kung ang paggamit ng Cloze Passage ay may makabuluhang kontribusyon sa pagkatuto at kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ang pananaliksik na ito ginagamitan ng Pearson Correlation Coefficient kung saan ito ay isang istatistikal na pamamaraan na ginagamit sa pagsukat ng lakas at direksyon ng ugnayang linyar sa pagitan ng dalawang kwantitatibong baryabol. Sa pananaliksik na ito, ang nasabing coefficient ay gagamitin upang suriin ang korelasyon sa pagitan ng mga "pananaw" ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Cloze Passage at ng kanilang "marka" sa paggamit ng Nang at Ng. Sa ganitong paraan matutukoy kung ang mga baryabol ay may positibo o negatibong ugnayan, o kung walang makabuluhang ugnayan na umiiral sa pagitan ng dalawang aspeto ng pagkatuto.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Pananaw ukol sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng Nang at Ng

Ipinakita sa datos na ang mean ng Pananaw ay 38.24 samantala ang Standard Deviation ay 12.61. Ang N ay kabuuang populasyon ng mga respondente sa Second year Bachelor of Secondary Education major in Filipino taong panuruan 2025-2026. Ipinapakita nito na sa kabuuan, karamihan sa mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa tungkol sa kanilang pagkatuto, ang kanilang interes sa paggamit nito, pagpapatuloy at pagpapalawak ng paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng "Nang" at "Ng." Sa madaling salita ang nasabing pamamaraan ay nagpapalalim sa pag-unawa, nagpapalakas ng motibasyon, at nagdudulot ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto ng wikang Filipino.

Sa istadistikal na pananaw, ang katamtamang mean ay magandang senyales na ang pamamaraan ay tinanggap ng karamihan, ngunit ang umiiral na pagkakaiba sa standard deviation ay nagsasabing hindi pantay-pantay ang pagtanggap nito. Ayon sa pag-aaral ni Labasano et al. (2022) na tumalakay sa relasyon ng language attitude sa motibasyon sa pagkatuto sa kolehiyo sa Pilipinas, mahalagang bahagi ang positibong pananaw ng estudyante sa kanilang paglahok at tagumpay. Ipinapahiwatig ng pag-aaral na ang positibong pananaw ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang maging mas aktibo at matagumpay sila sa pagkatuto. Ibig sabihin, kapag maganda ang saloobin nila sa paksa o wika, mas nagiging madali para sa kanila ang paglahok sa mga gawain sa klase. Gayundin, sa pananaliksik nina Magadan at Limpot (2023) na tumingin sa ugnayan ng oryentasyon sa wikang Filipino, saloobin sa wika, at aktibong pagkatuto, ipinakita nila ang mahalagang papel ng magandang pananaw sa aktibong pakilahok ng mag-aaral. Nabigyang-linaw sa kanilang pananaliksik na ang mabuting saloobin at oryentasyon ng mag-aaral sa wikang Filipino ay may malaking epekto sa kanilang aktibong partisipasyon at interes sa pagkatuto. Ibig sabihin, ang positibong pananaw ay nakapagpapalakas ng motibasyon upang makisangkot at matuto nang mas epektibo. Panghuli, ayon kina Magadan at Limpot (2023), ang positibong pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kanilang aktibong partisipasyon sa pagkatuto. Napatunayan sa kanilang pag-aaral na kapag nakabuo ang mga mag-aaral ng bukas at positibong saloobin sa mga pamamaraanng ginagamit sa pagtuturo, mas nagiging madali para sa kanila ang pag-unawa at pagsasabuhay ng mga aralin. Kaugnay ito sa kasalukuyang resulta ng pananaliksik na nagpapakita ng katamtamang antas ng mean 38.24 sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Cloze Passage, na nagpapahiwatig na mabuti o maayos at positibo ang kanilang pagtanggap sa pamamaraanng ito bilang tulong sa pag-unawa ng gamit ng Nang at Ng.

Sa konteksto naman ng pananaliksik na ito na may layuning suriin ang ugnayan ng pananaw at marka sa paggamit ng Cloze Passage, ang resulta sa pananaw ay nagbibigay ng matibay na batayan: dahil positibo ang pananaw ng mga mag-aaral, may potensyal ang pamamaraan na maging epektibo sa pagtuturo ng "Nang" at "Ng." Gayunpaman, dahil may pagkakaiba-iba sa pananaw, nangangahulugang kailangan pa ng mas maayos na implementasyon at pagsuporta (halimbawa: karagdagang pagsasanay, pag-uugnay sa konteksto ng mag-aaral) upang ang positibong pananaw ay maisalin sa mas mataas na kasanayan at marka.

Marka na nakuha ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng Nang at Ng

Ang datos ay nagpapakita ng mean na 21.66 at standard deviation na 7.06 para sa marka ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng "Nang" at "Ng." Ipinapahiwatig nito na ang mean o average na pagganap ay nasa katamtamang antas, may

makikitang pag-unlad sa pagkuha ng tamang marka ngunit hindi pantay-pantay sa lahat ng kalahok.

Ang katamtamang mean ay nagpapahiwatig na maraming mag-aaral ang nakamit ang minimum na pag-unawa sa pamamaraang ito, ngunit hindi pa ito nagresulta sa mataas na dominance ng mastery. Ang standard deviation na 7.06 ay nagsasabi na may malawak na saklaw ng marka, samantalang may ilan na mahusay ang pagganap, may ilan naman na nahihirapan. Ayon sa isang pag-aaral ni Hasan (2024) sa edukasyon ng wikang Ingles, natuklasan na ang positibong pananaw at mahusay na implementasyon ng pamamaraan ay may relasyon sa pagtaas ng marka at pagganap. Ibig sabihin, nakita na kapag ang mga mag-aaral ay naniniwala sa bisa ng isang paraan ng pagtuturo, tulad ng Cloze Passage, mas nagiging interesado at mas nakapagtatamo sila ng mas mataas na marka. Ipinahihiwatig nito na ang motibasyon at pananaw ay nagbibigay-daan upang maging mas aktibo at mahusay ang pagkatuto. Dagdag pa rito, batay sa pag-aaral ni Gungor (2022), ipinakita na kahit may positibong pananaw, kung kulang ang pagsasanay, exposure, o pidbak, hindi lalago nang malaki ang marka. Pinatunayan sa kaniyang pananaliksik, nakita na kapag ang mga mag-aaral ay naniniwala sa bisa ng isang paraan ng pagtuturo, tulad ng Cloze Passage o Cloze Test, mas nagiging interesado at mas nakapagtatamo sila ng mas mataas na marka. Sa madaling salita, ang motibasyon at pananaw ay nagbibigay-daan upang maging mas aktibo at mahusay ang pagkatuto.

Sa pag-aaral na ito tinutukoy kung "Ano ang ugnayan ng pananaw at marka ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage?", ang resulta ng marka ay nagpapahiwatig na ang positibong pananaw ng mga mag-aaral ay isang mahalagang salik, subalit hindi nito ganap na naisasalin sa mataas na marka. Ibig sabihin, kahit maraming mag-aaral ang may positibong pananaw sa Cloze Passage, kailangan pa rin ng mas sistematikong paggamit, malalim na pag-uugnay ng gawain, at sapat na pidbak upang mapataas ang marka. Ayon sa pag-aaral nina Mao (2021) at Abid et al. (2023), ang aktibong paggamit ng pamamaraan, kasama ang magandang pananaw, ay nagdudulot ng mas epektibong pagkatuto at mas mataas na marka. Sa madaling salita, ang resulta ay nasa katamtamang antas pa lamang ang marka ng mga mag-aaral, dahil kahit positibo ang kanilang pananaw sa Cloze Passage, kulang pa ang aktwal na paggamit, pagsasanay, at gabay ng guro para tuluyang mapataas ang kanilang marka.

Ugnayan ng pananaw at marka ng mga respondenteng mag-aaral ukol sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng Nang at Ng

Ipinapakita sa nakalap na datos ang ugnayan sa pagitan ng pananaw at marka ng mga respondente hinggil sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng "Nang" at "Ng." Layunin nitong matukoy kung ang positibong pananaw ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa kanilang pagganap sa pagsusulit. Gumamit ng Pearson Correlation upang sukatin ang antas at direksyon ng ugnayan ng dalawang baryabol, at upang malaman kung ang pananaw ay may mahalagang impluwensya sa marka ng mga mag-aaral.

Lumabas na ang Pearson (r) sa pagitan ng pananaw at marka ng mga mag-aaral ay 0.331 na may significance value (p-value) na 0.002. Ibig sabihin, may mababang positibong ugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage bilang paraan ng pagtuturo ng Nang at Ng at ng kanilang mga marka. Ang resultang ito ay nagpapakita na habang mas positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage, mas tumataas din ang kanilang

marka sa asignatura. Sa kabilang banda, ang r-value na 0.331 ay pasok sa kategoryang "Low Positive/Negative Correlation" batay sa pamantayang estadistikal 0.21-0.40, ngunit ang p-value na 0.002 ay mas mababa sa 0.01, na nangangahulugang makabuluhan (significant) ang ugnayan ng dalawang baryabol. Ibig sabihin, kahit na mahina lamang ang antas ng ugnayan, ito ay tunay at hindi dulot ng pagkakataon (not due to chance). Samakatuwid, may aktwal na koneksyon sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage at ng kanilang marka. Kapag mas positibo ang pananaw ng mag-aaral sa pamamaraang ito, mas mataas din ang posibilidad na umangat ang kanilang akademikong pagganap.

Ang resultang ito ay nagpapakita na ang pananaw ng mga mag-aaral ay nakaaapekto sa kanilang pagganap sa paggamit ng Cloze Passage bilang paraan sa pagtuturo ng "Nang" at "Ng." Ipinapahiwatig din nito na kapag maganda ang pananaw ng mga mag-aaral sa paraang ito, mas nagiging madali para sa kanila ang pag-unawa at tamang paggamit ng "Nang" at "Ng." Dahil dito, tumataas ang kanilang marka at nagiging mas epektibo ang pagkatuto. Ipinakikita rin ng resulta na ang Cloze Passage ay isang makabuluhang paraan ng pagtuturo, sapagkat hindi lamang nito sinusubok ang kaalaman ng mag-aaral, kundi pinauunlad din nito ang kanilang interes, konsentrasyon, at aktibong partisipasyon sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng mahina ngunit mayroong makabuluhang ugnayan $r = 0.331$, $p = 0.002$ sa pagitan ng pananaw at marka ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng "Nang" at "Ng." Ibig sabihin, habang positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng pamamaraanng ito, mas nagiging mataas din ang posibilidad na tumaas ang kanilang marka. Ang kinalabasang ito ay sinusuportahan ng ilang naunang pananaliksik na nagpapatunay na ang positibong pananaw o disposisyon ng mga mag-aaral ay may malaking impluwensya sa kanilang akademikong pagganap.

Ayon kina Caparos at Napil (2022), ang positibong reading attitude ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay may mediating effect sa pagitan ng kanilang motibasyon at akademikong performance. Ibig sabihin na kapag maganda ang pananaw ng mag-aaral sa paraan ng pagtuturo, nagiging mas mataas ang antas ng kanilang motibasyon at mas epektibo silang natututo. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Maulidasari et al. (2021) na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng reading attitude at reading achievement ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang, na nagpapakita ng 15.8% kontribusyon ng positibong disposisyon sa kanilang marka. Ipinakikita nito na ang mga mag-aaral na may magandang pananaw sa isang pamamaraan sa pagbasa o wika ay mas nakagagawa ng mas mataas na antas ng pagkatuto.

Samantala, sa pananaliksik nina Taghap at Addani (2024), natuklasang ang learning attitude ng mga mag-aaral sa agham ay may direktang ugnayan sa kanilang academic success. Ipinapakita ng resulta na ang mga estudyanteng may positibong pananaw sa proseso ng pagkatuto ay mas aktibo, mas interesado, at mas nakikilahok sa mga gawain sa klase, na siyang nagreresulta sa mas mataas na marka. Katulad nito, ang positibong pananaw ng mga mag-aaral sa Cloze Passage ay maaaring nagpapalakas sa kanilang motibasyon at konsentrasyon sa wastong paggamit ng "Nang" at "Ng," kaya nagdudulot ng mas maganda at makabuluhang pagganap sa pagsusulit.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pananaw ng mag-aaral ay may mahalagang papel sa kanilang pagganap sa akademiko, dahil kapag positibo ang kanilang saloobin sa isang pamamaraan sa pagtuturo, nagiging bukas sila sa pagkatuto at mas aktibong nakikilahok sa mga gawain sa klase. Ang paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng wikang Filipino ay nagiging kapaki-pakinabang dahil pinauunlad nito ang aktibong partisipasyon, mas malalim na pag-unawa, at motibasyon ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng "Nang" at "Ng."

Rekomendasyon na isagawa upang higit na mapahusay ang pang-unawa at paggamit sa Nang at Ng ng mga mag-aaral sa Filipino

Batay sa mga naging resulta, mula sa pananaw ng mga mag-aaral, ang kanilang marka sa pagtataya, at ugnayan ng kanilang pananaw at iskor, mainam na bumuo ng isang Gabay/Alituntunin kaugnay sa wastong paggamit ng Nang at Ng na sistematiko at madaling sundan ng guro at mag-aaral. Batay sa interpretasyon sa mga suliranin, ang mga respondente ay may positibong pananaw pero katamtamang marka at mahina lamang ito ngunit makabuluhan ang ugnayan ng dalawang baryabol. Makatutulong ang isang malinaw na gabay para gawing pare-pareho at mas organisado ang pagtuturo at pagsasanay, hindi lamang isang aktibidad kundi isang aralin na may halimbawa at pagsasanay. Pinatunayan ito nina Guo at Wang (2022), ang sistematikong paggamit ng Cloze Passage ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa gramatika. Kaya ang praktikal na ebidensiya mula sa pag-aaral ay nagpapakita na ang mas planadong paggamit ng cloze-type activities at pagtuon sa grammar at bokabularyo ay nagpapabuti ng pag-unawa ng mag-aaral.

Pangalawa, ang gabay ay dapat maglalaman ng mga halimbawang may kaugnayan tungkol sa Nang at Ng, at isang maikling pagsasanay. Sapagkat ang awtput ay nakasentro sa Alituntunin at Gabay, ibig sabihin mas mainam kung ang nilalaman nito ay mga patnubay na makatutulong sa pag-unawa ng Nang at Ng, at higit sa lahat ang pag integrate ng Cloze Passage sa pagsasan. Sa kabilang banda, ang benepisyo ng gabay ay malinaw para sa mag-aaral at guro: para sa mag-aaral, mas magkakaroon ng malinaw na halimbawa, paulit-ulit na pagsasanay, at mabilis na pagwawasto na magpapaangat ng kumpiyansa at pagganap; para sa guro, magsisilbing diagnostic at instructional tool ang gabay (madaling makita kung saan madalas magkamali ang klase at kung paano planuhin ang remedial o extension activities). Ipinakita ito nina Khatin-Zadeh, et. al (2021) sa kanilang pag-aaral, nakapagpapalakas ito ng koneksyon ng pag-unawa at paggamit ng wika. Samantala, ayon kay Feng (2024), ang Cloze Passage ay epektibong kasangkapan upang mapataas ang kumpiyansa, motibasyon, at marka ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang pagbubuo ng Gabay sa Nang at Ng ay makatutulong sa pareho, sa guro bilang instructional tool sa pagtuturo, at sa mag-aaral bilang gabay tungo sa mas malinaw, praktikal, at epektibong pagkatuto ng tamang gamit ng mga ito.

## KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng "Nang" at "Ng," na nagpapakita ng pagtanggap nila sa bisa nito sa pagkatuto. Gayunpaman, hindi pare-pareho ang antas ng kanilang pananaw at pagganap, kaya kinakailangan pa ng mas malinaw na implementasyon at sapat na pagsasanay. Ipinakita rin ng pag-aaral na may bahagyang ugnayan ang pananaw at marka, na nangangahulugang ang positibong saloobin ay nakatutulong ngunit hindi sapat upang lubos na mapataas ang marka nang walang patnubay at aktibong paggamit. Sa kabuuan, ang Cloze Passage ay epektibong paraan, ngunit kailangang pag-ibayuhin ang paggamit nito upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng Nang at Ng.

## MGA SANGGUNIAN

Abdulridah, D. S. M., Ahmed, M. A., Jameel, H. T., & Mohammed, M. K. (2022). Psychometric evaluation of Cloze tests with the Rasch model. International Journal of Language Testing, 12(2), 95–106. https://eric.ed.gov/?id=EJ1363751

Agni, R., Basaca, J. T., & Basalo, M. R. (2025). Enhancing grammatical competence of Grade 11 students through fill-in-the-blanks and sentence-starter activities in Filipino. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11(4). https://eprajournals.com/IJMR/article/16641

Asas, C. J. (2022). Wastong gamit ng "ng" at "nang" (2). Scribd. https://www.scribd.com/document/447213949/wastong-gamit-ng-ng-atnang-2-1

Asmad, L., Maung, Q., Toto, S., & Saavedra, A. D. (2024). Mga estratehiyang pinakaginagamit sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Western Mindanao State University Research Portal. https://www.researchgate.net/publication/379654347

Caparos, P. J., & Napil, M. C. (2022). Mediating effect of reading attitude on the relationship between motivation and academic performance among students in the Filipino subject. Journal of Natural Language and Linguistics, 2(1). https://journals.e-palli.com/home/index.php/jnll/article/view/3849

Evenddy, S. S. (2021). The effect of using Cloze Passage technique toward students' reading comprehension in narrative text at the eighth grade of SMPN 8 Kota Serang. https://www.academia.edu/87694165

Gibbons, E. (2020). The Literacy Nest. https://www.theliteracynest.com/

Güngör, F. (2021). Exploring the attitude–performance gap in language learning: The role of motivation and classroom engagement. Educational Research Review, 34, 100425. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2021.100425

Hasan, N. (2024). Students' learning attitudes and their impact on academic performance: A mediating role of engagement. Education Resources Information Center. https://eric.ed.gov/?id=EJ1459873

Imelda, M. S. (2022). Cloze technique and reading proficiency: Causal-comparative analysis to eleventh graders. https://www.researchgate.net/publication/373574282

Javier, J. R. (2022). Semantik na gramar ng Filipino [Semantic grammar of Filipino]. University of the Philippines Diliman. https://pages.upd.edu.ph/jrjavier/publications/semantik-na-gramar-ng-filipino-semantic-grammar-filipino

Labasano, A. A., Pasinabo, C. F. T., & Plana, J. L. F. (2022). Language attitude and L2 motivational self-system: The mediating effect of L2 grit. European Journal of English Language Teaching. https://oapub.org/edu/index.php/ejel/article/view/6204

Magadan, A. V., & Limpot, M. Y. (2023). The mediating effect of Filipino language orientation toward language attitude and active learning of the learners. Asian Journal of Education and Social Studies, 49(3), 354–363. https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v49i31161

Maligalig, A. L., & Carada, I. G. (2021). Cloze Passage bilang pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 5(9), 39–47. https://www.academia.edu/51331971

Maulidasari, I., Tahrun, & Mulyadi. (2021). The correlation among language learning strategies, reading attitude, and reading achievement of the eleventh-grade students of state senior high schools of Lahat district. Jurnal Pendidikan Tambusai, 5(1), 2583–2590. https://jptam.org/index.php/jptam/article/view/1715

Ponce, H. R., López, M., & Gómez, I. (2020). Effects on response time and accuracy of technology-enhanced Cloze tests. Educational Technology Research and Development, 68(5), 2033–2053. https://www.jstor.org/stable/48727519

Taghap, R., & Addani, S. S. (2024). Learners' attitude and academic success towards science. Journal of Education, Culture and Society, 5(2), 511–532.